| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by DepEd Click | Learning Area: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates and Time: | NOVEMBER 7-11, 2022 (WEEK 1) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipapamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga ng iba't ibang kwento ng mga sagisag na naglalarawan ng sariling lalawigan at mga karatig –lalawigan sa kinabibilangang rehiyon. | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagpapamalas ang mga mag-aaral ng pagmamalaki sa iba't ibang kwento at sagisag na naglalarawan ng sariling lalawigan sa kinabibilangang rehiyon. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** *Isulat ang code ng bawat kasanayan.* | Nasusuri ang kasaysayan ng kinabibilangang rehiyon | Nasusuri ang kasaysayan ng kinabibilangang rehiyon | Nasusuri ang kasaysayan ng kinabibilangang rehiyon | Nasusuri ang kasaysayan ng kinabibilangang rehiyon | Lingguhang Pagtataya |
| ***II. NILALAMAN*** | Ang Pinagmulan ng mga Lalawigan sa Kinabilangang Rehiyon | | | | |
| **III.** ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| D. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral | | | | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource* | | | | | |
| 5. Internet Info Sites | | | | | |
| E. Iba pang Kagamitang Panturo | | | | | |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | | | | | |
| | **Subukin**<br><br>Pillin ang tamang sagot at isulat ang letra sa sagutang papel.<br>1. Sino sa mga sumusunod ang nagsabi ng mga katagang ito, "Ang Davao ay tulog"?<br>A.Ricardo Miranda<br>B. Ferdinand Marcos<br>C. Fidel Ramos<br>D. Ruy Lopez de Villalobos<br>2. Ano ang ibig sabihin ng "Duo-ao" ayon sa mga katutubo? | **Suriin**<br><br>Davao<br><br>Si Gobernador Ricardo Miranda ang nagsasabing, "Sa loob ng mahabang panahon ang Davao ay tulog, napag-iiwanan na ang lalawigan". Naiba lamang ang sitwasyon nito dahil sa giyera lalo na sa aspetong politikal, sosyal, at ekonomikong pag-unlad.<br><br>Duo-ao | **Isaisip**<br><br>Sagutin ang sumusunod na katanungan at isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.<br><br>1. Sino ang nakatuklas sa hilagang bahagi ng kabuoang Davao?<br>2. Sa anong taon naging lungsod ang Panabo, Tagum at Island Garden City of Samal?<br>3. Ano ang kabisera o kapitolyo ng mga lalawigang nabuo sa bisa ng RA 4867? | **Isagawa**<br><br>A. Gamit ang graphic organizer, itala ang mga bagay na hindi nagbabago hanggang ngayon sa lalawigan na iyong kinabibilangan. Isulat ang sagot sa kuwaderno | **Tayahin**<br><br>Piliin ang wastong letra ng tamang sagot. Isulat ito sa sagutang papel.<br>1. Alin sa mga sumusunod ang pinaniniwalaang unang dumating sa Davao?<br>A. Moro C. Kastila<br>B. Indones D. Katutubo<br>2. Sa anong lalawigan napabilang ang |

A. kulay abo
B. kulay kape
C. kulay uling
D. kulay gatas
3. Anong uri ng hayop hango ang pangalang CARAGA ng Davao Oriental?
A. cagang
B. kabayo
C. kalabaw
D. kambing
4. Sino ang pangulo ng Pilipinas na lumagda ng Batas Republika 4867 para maging opisyal na lalawigan ang Davao del Norte?
A. Fidel Ramos
B. Corazon Aquino
C. Joseph Estrada
D. Ferdinand Marcos
5. Anong dayuhan ang nakipaglaban sa mga Kastila sa panahon ng pananakop?
A. Tsino
B. Malay
C. Tausug
D. Indones

Bago pa man dumating dito ang mga Kastila, tinawag na ito ng mga katutubo na “Duo-ao” na ang ibig sabihin ay kulay kape. Isa lamang itong maliit na pamayanang malapit sa pampang ng Ilog na kung saan maraming dayuhang Indones na gustong sumakop sa lalawigan ng Davao.

Ruy Lopez de Villalobos

Noong Pebrero 2, 1843 naglayag si Villalobos mula Espanya at ginalugad ang hilagang bahagi ng lalawigan.
Sa paglipas ng panahon, ito ay naging Caraga, hango sa pangalan ng uri ng alimasag na matatagpuan sa lugar, ang Cagang.
Noong 1913, itinatag ng mga Amerikano ang Moro Province sa Mindanao, ginawang distrito ang Davao. Pagsapit ng July 23, 1914 inalis ang Moro Province at pinalitan ng Department of Mindanao and Sulu, naging unang lalawigan ang Davao.
Alam mo ba ang mga batas na nagbibigay-bisa sa pagbuo ng bagong lalawigan o mga lalawigan?

Local Government Code of 1991

Lalawigan ng Davao del Norte

Republic Act 4867 (Mayo 8, 1967) naging opisyal na lalawigan ang Davao del Norte, na nilagdaan ni Pangulong Ferdinand E. Marcos. May labintatlong (13) munisipalidad ito; Asuncion, Babak, Compostela, Kapalong, Mabini,

4. Ano ano ang mga batas na nagpapatibay sa pagkahatihati ng Davao sa iba’t ibang mga lalawigan?
5. Bakit hinati-hati sa limang lalawigan ang kabuuang Davao?

Sa palagay ko, nakabubuti ang pagkakaroon ng bagong lalawigan
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________.

Sa palagay ko, hindi nakabubuti ang pagkakaroon ng bagong lalawigan
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________.

| | | | |
|---|---|---|---|
| pista | matulungin | sabong | pamahiin |
| bisikleta | pagsasaka | madasalin | |
| dyip | pangingisda | palakaibigan | |




A. Gumawa sa iyong kuwaderno ng isang maikling talata na ang pamagat ay:

Ang Kasaysayan ng Aking Lalawigan

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
____________

Magsaysay, Bansalan at Matanao?
A. Davao del Sur C. Davao Oriental
B. Davao de Oro D. Davao Occidental
3. Sino sa mga sumusunod ang pinaniniwalaang nakipaglaban sa mga kastila sa panahon ng pananakop?
A. Tsino C. Tausug
B. Malay D. Indones
4. Sa kasalukuyan, ilan ang munisipalidad sa lalawigan ng Davao Occidental?
A. siyam C. labinlima
B. pito D. lima
5. Sa iyong palagay, bakit hinati muli sa dalawa pang lalawigan ang mga naunang lalawigan ng rehiyon?
A. para may maraming tao
B. para kaunti lang ang tao
C. para may mapasyalan ang mga turista
D. para mabigyan ng sapat na serbisyo ang nasasakupan

Mawab, Monkayo, Nabunturan, Panabo, Pantukan, Samal, Sto. Tomas at Tagum. Taong Mayo 6,1970 nadagdagan ng anim (6) na munisipalidad ang lalawigan; Carmen, Kaputian, Maco, Montevista, New Bataan, New Corella.

Republic Act 6430 (Hunyo 17, 1972) Ipinanukala ang pagpapalit ng pangalan ng Davao del Norte sa lalawigan ng Davao.

Republic Act 8470 (Enero 31, 1998) sa panahon ni Pangulong Fidel V. Ramos, nalikha ang dalawang (2) siyudad (Samal Island at Tagum) at munisipalidad (Dujali) batay sa bisa ng sumusunod na batas:

Republic Act 8471 (January 30,1996) naging siyudad ang Island Garden City of Samal.

Republic Act 8472 (January 30, 1996) naging siyudad ang Tagum.

Republic Act 8473 nalikha ang munisipalidad ng Braulio E. Dujali.

Noong March 31, 2001 naging siyudad ang Panabo sa pamamagitan ng Republic Act 9015 na nilagdaan ni Pangulong Gloria Arroyo.

Republic Act 9265 (June 26, 2004) naging munisipalidad ang San Isidro.

Sa kasalukuyan, ang Davao del Norte ay binubuo na lamang ng walong (8) munisipalidad. Ito ay ang mga sumusunod: Asuncion, Braulio E. Dujali, Carmen, Kapalong, New Corella, Sto. Tomas, Talaingod, at San Isidro.

Lalawigan ng Davao del Sur

Ang Davao del Sur ay orihinal na kabahagi ng lalawigan ng Davao. Republic Act 4867 batas na naghati sa lalawigan sa tatlong probinsiya. Isa sa tatlong ito ay ang lalawigan ng Davao del Sur. Ang kapitolyo nito ay ang Digos (Republic Act 8798, July 14, 2000) na niratipika sa pamamagitan ng House Bill No. 5672 na naging lungsod sa kasalukuyan (September 8, 2000). Sa ngayon, may siyam (9) na lamang na mga munisipalidad ang sakop nito; Bansalan, Hagonoy, Kiblawan, Magsaysay, Malalag, Matanao, Padada, Sta. Cruz, at Sulop

Lalawigan ng Davao Oriental

Republic Act 4867 naging ganap na lalawigan ang Davao Oriental na nilagdaan noon ng dating Pangulong Ferdinand E. Marcos. Binubuo ang Davao Oriental ng mga munisipalidad ng Banganga, Banaybanay, Boston, Lupon, Manay, Caraga, Baganga, Cateel, Governor Generoso, San Isidro at Terragona.
Republic Act 9408 (March 24, 2007) at niratipika noong June 18, 2007 na ang Mati ang maging kapitolyo nito.

Lalawigan ng Davao de Oro

Sa pamamagitan ng isang plebesito bilang pagratipika sa Republic Act 8470 na nilagdaan noon ni Pangulong Fidel V. Ramos noong Enero 30, 1998, ganap na naging lalawigan ang Davao de Oro mula

sa Davao del Norte noong Marso 7, 1998.
Layunin ng pagkakahati ng mga lalawigan na lubos na mabigyan ng kaukulang serbisyo ang mamamayang sakop ng lupain ng Davao.
Republic Act 11297 (April 17, 2019) naging Davao de Oro na ang opisyal na pangalan ng lalawigan na dating Compostela Valley sa pamamagitan ng isang plebesito (December 7, 2019), na nilagdaan ng kasalukuyang Pangulo ng Pilipinas Rodrigo Roa Duterte. May labing-isa (11) munisipalidad ito: Compostela Valley, Laak, Mabini, Maco, Maragusan, Mawab, Monkayo, Montevista, New Bataan, Pantukan, at Nabunturan ang kapitolyo nito.

Lalawigan ng Davao Occidental

Ang Davao Occidental ay orihinal na sakop ng Ikalawang Distrito ng Davao del Sur.
Noong October 28, 2013, naging ganap na lalawigan ang Davao Occidental pagkatapos niratipika sa pamamagitan ng Republic Act 10360, na pinirmahan ng dating Pangulo ng Pilipinas na si Benigno C. Aquino III noong January 14, 2013. Sa kasalukuyan mayroon itong limang (5) munisipyo , ito ay ang mga sumusunod: Santa Maria, Malita, Don Marcelino, Jose Abad Santos, at Saranggani.

**Balikan**

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo kung paano matunton ang iyong lalawigan gamit ang

**Pagyamanin**

Gawain A.

mapa. Ipakita ang iyong nalalaman sa pamamagitan ng maikling pagsusulit. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Malawak ang mga lupaing patag sa lalawigan ng Davao del Norte. Makikita ang simbolo nito na ___ sa mapa ng rehiyon.

A. 

C. 

B. 

D 

2. Sa ____makikita ang mga malalawak na baybayin na angkop sa pangingisda.

A. Davao Oriental C. Davao de Oro

B. Davao del Norte D. Davao del Sur

3. Nasa Davao de Oro ang tinaguriang “Summer Capital” ng bansa at ito ay napapalibutan ng ___.

A. bundok C. dagat

B. bulkan D. ilog

4. Malawak ang sakahan ng ___ dahil sa ipinakitang simbolo na sa mapa.

A. Davao City C. Davao del Norte

B. Digos City D. Davao de Oro

5. Maraming dayuhan ang gustong sumakop sa ating rehiyon dahil sa ___.

A. matatayog na gusali

B. masaganang likas-yaman

C. malayo sa kapahamakan

D. mataas na antas ng pamumuhay

**Tuklasin**

Gamit ang talahanayan. Piliin sa kahon na naglalaman ng pagpipilian ng sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| RA 8473 | RA 9625 | RA 4867 | RA 8470 | RA 10360 |
| Dujali | San Isidro | Lupon | New Corella | |
| Sta.Cruz | Bansalan | Pantukan | Maco | Malita |
| Rodrigo Duterte | Ferdinand Marcos | | | |
| Benigno AquinoIII | Fidel Ramos | Gloria Arroyo | | |

| Lalawigan | Batas ng Pagkakabuo | MayAkda/ Lumagda | Kasalukuyang Munisipyo |
|---|---|---|---|
| Davao del Sur | | | |
| Davao de Oro | | | |
| Davao Oriental | | | |
| Davao del Norte | | | |
| Davao Occidental | | | |

Gawain B.

Itala ang sumusunod:

Limang (5) munisipalidad ng Davao Occidental

1. ______ 4. ______

2. ______ 5. ______

3. ______

Walong (8) munisipalidad ng Davao del Norte

1. _______ 5. _______

2. _______ 6. _______

3. _______ 7. _______

4. _______ 8. _______

Siyam (9) na munisipalidad ng Davao del Sur

1. _______ 6. _______

2. _______ 7. _______

3. _______ 8. _______

4. _______ 9. _______

5. _______

Bakit kaya kinakailangan mong malaman ang kasaysayan ng iyong rehiyon? At ano ano ang mga batas na nakapaloob dito? Ito ba ay mahalaga sa iyo?

***IV. MGA TALA***

***V. PAGNINILAY***

A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.*
C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?
G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?